



IMPLIKASYON NG PAGGAMIT NG ARTIFICIAL INTELLIGENCE (AI) SA AKADEMIKONG PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL SA FILIPINO

Claire Angelie C. Branzuela, Cryst Lyn Kyz P. Ortega, Kyrel Mae G. Tumulak,
Krizzel Joy O. Flores, Earl Hanz D. Movera, Criztan L. Yamit,
Maricris M. Cañeda, Jinky A. Literatus

*Teacher Education, Don Carlos Polytechnic College,
Don Carlos Bukidnon, Philippines*

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa implikasyon ng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino, particular sa Don Carlos Polytechnic College sa taong panuruan 2025-2026. Bagama't malawak na ginagamit ang AI bilang katuwang sa pagsulat, nananatiling kulang ang pag-aaral tungkol sa epekto nito sa kasanayan at etikal na paggamit sa Filipino academic writing. Layunin ng pananaliksik na matukoy ang mga benepisyo, panganib, at dahilan ng paggamit ng AI sa akademikong gawain. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong phenomenological na disenyo. Anim (6) na mag-aaral sa unang taon ng Filipino ang napili sa pamamagitan ng purposive sampling. Nakalap ang datos gamit ang structured interview na may open-ended questions at sinuri sa pamamagitan ng thematic analysis. Naging batayan din ng pag-aaral ang Technology Acceptance Model (TAM) at Theory of Planned Behavior (TPB). Natuklasan na ginagamit ang AI upang mapabilis ang paggawa ng akademikong sulatin, makatulong sa pagbuo ng ideya, at maitama ang gramatika at organisasyon ng teksto. Gayunpaman, ipinakita rin ng pag-aaral ang mga panganib tulad ng labis na pagdepende sa AI, posibilidad ng maling impormasyon, at paghina ng kritikal na pag-iisip. Ipinapakita ng resulta na mahalaga ang balanseng paggamit ng AI bilang gabay lamang at hindi kapalit ng sariling kakayahan sa pagsulat.

Keywords: *Artificial Intelligence, Akademikong Pagsulat, Etikal na Isyu, Paggamit ng AI, mga Mag-aaral*

INTRODUCTION

Sa larangan ng edukasyon, ang akademikong pagsulat ay isang mahalagang kasanayan na sumasalkanilang sa kakayahan ng mga mag-aaral na mag-analisa, magsuri, at magpahayag ng mga ideya nang malinaw at malikhain. Sa kasalukuyang panahon, ang mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at lalo na ng artificial intelligence o AI ay nagdulot ng bagong dimensyon sa proseso ng pagsulat ng mga mag-aaral. Ang mga AI tools tulad ng mga generative language model ay nagiging popular na kasama sa pagsasagawa ng akademikong gawain dahil sa kakayahan nitong magbigay ng mga ideya, mag-edit ng gramatika, at magbigay ng outline o draft para sa mga sanaysay at pananaliksik, na nagbibigay ng mas mabilis at mas maayos na daloy ng paggawa ng teksto.

Sa konteksto ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino, markanilangmag-aaral ang bumaling sa paggamit ng mga AI tools upang mapadali ang pagbuo ng kanilang mga papel at sanaysay. Ayon sa isang pag-aaral tungkol sa paggamit ng AI sa akademikong pagsusulat, napag-alaman na markanilangestudyante ang umaasa sa AI hindi lamang para sa balarila at organisasyon kundi pati na rin sa pagbuo ng pangunahing balangkas ng kanilang papel, na bagamat nakatutulong, maaari ring magdulot ng sobrang pag-asa at paglimot sa sariling kakayahan sa pagsusulat (AI Literacy and Reliance: The Use of ChatGPT in Academic Writing Among Filipino Major Students, 2026). Gayundin, nakita sa iba pang pag-aaral na ang paggamit ng AI sa akademikong pagsulat ay may malaking implikasyon sa etika at integridad ng pagsusulat, lalo na sa usapin ng pagiging orihinal at pananagutan ng mag-aaral sa kanilang sariling gawa (Astuti & Nikmah, 2025).

Sa kabila ng mga benepisyo, may mga konkretong isyu at suliranin na lumilitaw kaugnay sa paggamit ng AI tools sa akademikong pagsulat. Kabilang dito ang panganib ng paglabag sa polisiya ng integridad ng akademya, tulad ng hindi patas na pagkuha o paggamit ng nilalaman mula sa AI nang walang wastong pagkilala, pati na ang posibleng pagbaba ng kakayahan sa kritikal na pag-iisip at personal na pagbuo ng ideya (Deep, at Chen, 2025). Bukod dito, pinapakita ng mga pag-aaral na marami ring mag-aaral ang may limitadong kamalayan sa mga ethical guidelines o pamantayan ng tamang paggamit ng AI sa kanilang pagsusulat, na naglalantad sa pangangailangan ng mas malinaw na regulasyon at edukasyon hinggil dito.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri sa mga dahilan ng paggamit ng AI tools sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral, pati na rin ang mga etikal na suliranin at mga sitwasyong maaring pagkatiwalaan sa paggamit ng naturang mga teknolohiya. Layunin nitong sagutin ang mga sumusunod na tanong: Una, ano-ano ang mga dahilan ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI tools sa kanilang akademikong pagsulat? Pangalawa, ano-ano ang mga etikal na isyu o concerns na Kaugnay ng paggamit ng AI? Pangatlo, sa anong mga sitwasyon maaasahan ang AI tools sa akademikong pagsusulat na hindi nakakasagasa sa pagkatuto at integridad? Ang mga ito ay susuriin upang mabigyang-diin ang mga aspeto ng paggamit ng AI na maaaring suportahan ang pagkatuto ng mag-aaral at ang mga limitasyon nito na dapat bantayan.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sa iba't ibang sektor ng edukasyon. Para sa mga mag-aaral, magsisilbi itong gabay upang maunawaan kung paano tama at etikal na gamitin ang AI sa kanilang akademikong gawain. Para sa mga guro, makatutulong ito sa pagbuo ng mga polisiya at stratehiya upang itaguyod ang akademikong integridad habang pinapahalagahan ang makabagong teknolohiya. Sa mga institusyon ng edukasyon, ito ay magiging batayan para sa paglikha ng mga patakaran at kurikulum na responsive sa bagong panahon ng teknolohiya. Para sa mga susunod na mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay maaaring maging batayan sa mas malalim at mas malawakang pag-aaral hinggil sa AI sa larangan ng edukasyon.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa loob ng isang semestre sa mga piling mag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College sa medyor ng Filipino sa taong 2026, na may pokus sa mga mag-aaral na gumagamit ng AI tools sa kanilang akademikong pagsulat, partikular sa Filipino bilang asignatura at iba pang kaugnay na kurso. Ang panahong ito ay napili upang masuri ang mas bagong trend ng paggamit ng AI at ang etikal na pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit nito sa kanilang akademikong gawain.

Research Questions

Nilayon ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga tiyak na katanungan:

1. Ano- ano ang mga dahilan sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) tools sa akademikong pagsulat?
2. Ano-ano ang mga ethical concerns kaugnay sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagsulat?
3. Sa anong mga sitwasyong maaasahan ang AI tools sa akademikong pagsulat?

METHODOLOGY

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong phenomenological research design upang masuri at maunawaan ang mga karanasan, pananaw, at persepsyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagsulat. Ang phenomenological approach ay angkop sa pag-aaral sapagkat binibigyang-diin nito ang paglalarawan at interpretasyon ng mga aktuwal na karanasan ng mga kalahok hinggil sa isang partikular na penomenon. Isinagawa ang pag-aaral sa isang pampublikong institusyon ng mas mataas na edukasyon sa lalawigan ng Bukidnon, na pinili bilang lokal ng pananaliksik dahil sa pagkakaroon ng mga mag-aaral na may karanasan sa paggamit ng AI sa akademikong pagsulat.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng anim (6) na mag-aaral sa unang taon ng programang Filipino . Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) kasalukuyang nakaenrol sa kursong Filipino, (2) may karanasan sa paggamit ng AI tools sa akademikong pagsulat, at (3) kusang-loob na pumayag na makibahagi sa pananaliksik. Ang maliit na bilang ng mga kalahok ay naaayon sa kwalitatibong phenomenological na disenyo na higit na nagbibigay-diin sa lalim ng karanasan kaysa sa dami ng mga kalahok.

Bilang pangunahing instrumento ng pananaliksik, gumamit ang mga mananaliksik ng researcher-made structured interview guide na binubuo ng labindalawang (12) open-ended questions na nakabatay sa mga layunin ng pag-aaral. Ang mga tanong ay idinisenyo upang makuha ang malalim at detalyadong paglalahad ng mga karanasan, pananaw, at etikal na konsiderasyon ng mga kalahok sa paggamit ng AI sa akademikong pagsulat. Bawat tanong ay sinamahan ng mga probing questions upang mahikayat ang mga kalahok na magbigay ng kongkretong halimbawa, paliwanag, at paglalarawan ng kanilang mga karanasan. Bago gamitin ang instrumento, ito ay sumailalim sa pagsusuri ng tatlong eksperto sa larangan ng pananaliksik at edukasyong pangwika upang matiyak ang content validity nito. Isinaalang-alang ang kanilang mga mungkahi sa pagrebisa ng mga tanong upang maging malinaw, angkop, at naaayon sa layunin ng pag-aaral.

Sa pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mga mananaliksik sa kinauukulang administrador ng institusyon. Matapos makuha ang pag-apruba, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at isinagawa ang proseso ng informed consent at data privacy consent alinsunod sa mga umiiral na pamantayang etikal. Ang mga panayam ay isinagawa sa pamamagitan ng face-to-face interview sa iskedyul na napagkasunduan ng mga kalahok at ng mga mananaliksik. Ang bawat panayam ay tumagal nang humigit-kumulang 20–30 minuto at nirekord lamang matapos makuha ang pahintulot ng kalahok upang matiyak ang katumpakan ng mga datos. Pagkatapos ng panayam, ang lahat ng tugon ay isinalin sa tekstuwal na anyo (verbatim transcription) bilang batayan sa pagsusuri ng datos.

Mahigpit na isinasaalang-alang sa pag-aaral ang mga prinsipyong etikal sa pananaliksik. Ang partisipasyon ng bawat kalahok ay boluntaryo at maaari silang umatras anumang oras nang walang anumang kaparusahan. Upang mapanatili ang pagiging kumpidensiyal ng kanilang pagkakakilanlan, gumamit ang mga mananaliksik ng mga code o pseudonym sa halip na tunay na pangalan. Ang lahat ng nakalap na datos ay ligtas na itinago at ginamit lamang para sa layuning akademiko alinsunod sa mga probisyon ng Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173, 2012).

Sinuri ang mga nakalap na datos gamit ang thematic analysis batay sa balangkas nina Braun at Clarke (2006). Isinagawa ang anim na yugto ng pagsusuri: (1) pamilyarisasyon sa datos, kung saan paulit-ulit na binasa ang mga transcript; (2) pagbuo ng mga paunang code mula sa mahahalagang pahayag; (3) paghahanap ng mga tema sa pamamagitan ng pagpapangkat ng magkakaugnay na code; (4) pagrerepaso ng mga tema upang matiyak ang kanilang pagkakatugma sa kabuuang datos; (5) pagbibigay ng pangalan at depinisyon sa bawat tema; at (6) pagsulat ng ulat, kung saan binigyang-kahulugan ang mga natukoy na tema batay sa mga layunin ng pag-aaral at sa kaugnay na literatura. Bilang karagdagang hakbang upang mapahusay ang kredibilidad ng interpretasyon, isinagawa ang member checking sa ilang kalahok upang maberipika ang kawastuhan ng interpretasyon ng kanilang mga pahayag.

Nakatuon ang pag-aaral sa pagsusuri ng mga karanasan ng anim (6) na mag-aaral sa unang taon ng programang Filipino hinggil sa paggamit ng AI sa akademikong pagsulat. Dahil sa maliit na bilang ng mga kalahok at paggamit ng purposive sampling, ang mga

natuklasan ay hindi nilalayong maging pangkalahatan sa lahat ng mag-aaral sa kolehiyo. Sa halip, inilalarawan nito ang mga karanasan at pananaw ng mga kalahok sa loob ng konteksto ng isinagawang pananaliksik, kaya't ang interpretasyon ng mga resulta ay nakabatay lamang sa saklaw at limitasyon ng pag-aaral.

RESULTS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng pagsusuri at pagpapahalaga ng mga datos at impormasyon. Kung saan inalam ang mga dahilan kung bakit gumagamit ng AI tools sa akademikong pagsulat, ang mga etikal na isyu at mga sitwasyon o pagkakataon maaaring kapaki-pakinabang ang AI sa akademikong pagsulat. Sa tulong ng mga piling mag-aaral sa Filipino batay sa sarili nilang karanasan at kaalaman. Narito ang mga nakalap na mga resulta mula sa mga respondante.

Mga Dahilan sa Pagamit ng *Artificial Intelligence* (AI) Tools sa Akademikong Pagsulat

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Akademikong Pagsulat

Sa talahayan na ito makikita ang ang sagot ng unang partisipante . Ayon sa nakalap na sagot, gumagamit ng AI tools ang mag-aaral sa akademikong pagsulat dahil nakikita niya itong nakakatulong para maging mas madali ang proseso at maiwasan ang mga pagkakamali.

Talahayan 1. Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Akademikong Pagsulat

Sagot	Code	Tema
Isa sa mga dahilan kung bakit ako gumagamit ng AI sa akademikong pagsulat ay upang mas mapadali ito at upang maiwasan ang mga pagkakamali.	Kagaanan ng gawain at katumpakan	Damang kagaanan sa paggamit ng AI sa akademikong sulatin.

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagkatuto at Pananaliksik

Sa talahanayang ito, makikita ang mga sagot ng ikalawa at ikalimang partisipante. Mula sa kanilang mga pahayag, nabuo ang temang "*Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagkatuto at Pananaliksik.*"

Talahayanan 2. Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagkatuto at Pananaliksik

Sagot	Code	Tema
Ang kadalasan na aking dahilan kung bakit gumagamit ng AI ay yung kung may mga report ako o mga proyekto na halos hindi ko maintindihan at ang isa pang dahilan ay ginagamit ko ito para mas madali kung makuha ang mga impormasyon na gusto kung kunin patungkol sa aking mga gawaing pang paaralan	Paglililaw ng konsepto at mabilis na pagkuha sa mga datos	Damang kagaanan sa paggamit ng AI sa
Gumamit ako ng AI sa kadahilanang kapag hindi maintindihan ang itinuturo ay gagamitin ko ang AI sa pananaliksik at pagkalap ng impormasyon. Ginagamit ko din ang AI upang maiwasto ang aking mga gramatika at tamang pag baybay lalo na sa asignaturang Filipino.	Pantulong sa pag-unawa at pagwawasto	pagkatuto at pananaliksik

Damang Kagaanan at Impluwensiya sa mga Estudyante sa Paggamit ng AI.

Sa talahanayang ito, makikita ang sagot ng ikatlong partisipante. Ayon sa kanyang tugon, gumagamit siya ng AI tools sa akademikong pagsulat dahil nakatutulong ito sa pagpapalawak ng kanyang kaalaman at pagpapabuti ng kalidad ng kanyang output. Para sa kanya, ang AI ay hindi lamang isang praktikal na kasangkapan kundi isang mahalagang mapagkukunan ng karagdagang impormasyon na tumutulong upang maging mas malinaw, maayos, at makabuluhan ang kanyang mga gawaing akademiko.

Talahayanan 3. Damang Kagaanan at Impluwensiya sa mga Estudyante sa Paggamit ng AI.

Sagot	Code	Tema
Upang mas maging Maganda at dagdag kaalaman lalo na't pang akademiko, ito rin ay mas nagiging maayos at ka aya-aya dahil ang AI ay napakahusay na kadalasang ginagamit ng mga tao ngayon lalo na sa mga estudyante	Pagpapahusay ng kalidad at normatibong impluwensiya.	Damang kagaanan at impluwensiya sa mga estudyante sa paggamit ng AI.

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI bilang gabay at suporta sa akademikong pagsulat.

Sa talahanayang ito, makikita ang sagot ng ikaapat na partisipante. Ayon sa kanyang pahayag, gumagamit siya ng AI tools sa akademikong pagsulat dahil nagsisilbi itong gabay sa pag-oorganisa ng kanyang mga gawain. Para sa kanya, ang AI ay isang support system na nagbibigay ng malinaw na direksyon at patnubay sa proseso ng pagsulat. Bukod dito, nakikita rin niya ito bilang mapagkukunan ng karagdagang kaalaman na nakatutulong sa pagpapalawak ng kanyang pag-unawa sa mga paksa.

Talahayanan 4. Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI bilang gabay at suporta sa akademikong pagsulat.

Sagot	Code	Tema
Ginagamit ko ang AI upang tulungan akong mas maging organisado ang aking akademikong pagsulat dahil para sa akin ang AI ay nagbibigay guide sa iyong mga Gawain at para din lumawak pa ang iyong kaalaman sa mga paksa at iba pa.	Pagbibigay gabay sa mga gawain	Damang kagaanan sa paggamit ng AI bilang gabay at suporta sa akademikong pagsulat.

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI Bilang Gabay at Tagapag-ayos.

Sa talahanayang ito, makikita ang sagot ng ikaanim na partisipante. Ayon sa kanyang pahayag, mahalaga ang paggamit ng AI tools sa akademikong pagsulat dahil nagsisilbi itong gabay sa pag-oorganisa ng kanyang mga gawain. Nakikita niya ang AI bilang katuwang na nagbibigay ng malinaw na direksyon sa proseso ng pagsulat, kaya mas nagiging maayos ang daloy ng mga ideya at nilalaman. Bukod dito, ginagamit din niya ito upang makakuha ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa pagsasagawa ng akademikong sulatin. Mahalaga rin para sa kanya ang kakayahan ng AI na maitama ang mga pagkakamali sa balarila at baybay, sapagkat nakatutulong ito sa pagpapataas ng kalidad at kredibilidad ng kanyang mga akademikong output.

Talahayanan 5. Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI Bilang Gabay at Tagapag-ayos.

Sagot	Code	Tema
Ang mga dahilan ko kung bakit ako gumamit ng AI tools sa akademikong sulat ay para magabayan ako at maging organisado ang aking Gawain . Dahilan ko rin na maging gabay ito para makakalap ng detalyadong impormasyon kung paano ito gawin, at para din Maitama ang mga wastong balarila at spelling.	Gabay at organisasyon	Damang kagaanan sa paggamit ng AI bilang gabay at tagapag-ayos

Mga Etikal na Isyu o Alalahanin sa Paggamit ng AI sa Akademikong Pagsulat.

Batay sa mga tugon ng dalawang partisipante, lumitaw na isa sa mga pangunahing etikal na isyu sa paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagsulat ay ang kawalan ng katiyakan sa pagiging tama at angkop ng mga sagot nito. Ayon sa isang partisipante, “minsan ang binibigay nitong sagot ay hindi tugma sa mismong akademikong gawain,” samantalang sinabi naman ng isa pang partisipante na “hindi lahat ng binibigay na sagot ng AI ay totoo kaya mas maging mapanatag sa paggamit ng AI.” Mula sa mga pahayag na ito, nabuo ang mga code na “*hindi tugmang awtput*” at “*panganib sa maling impormasyon*,” na bumuo sa temang “Ethical Concern sa Kawalang Tiwala sa Sagot ng AI.”

Ethical concern sa kawalang tiwala sa sagot ng AI.

Ipinakikita ng temang ito ang isa sa mga pangunahing limitasyon ng AI bilang kasangkapan sa akademikong pagsulat. Bagama't may kakayahan itong magbigay ng mabilis at organisadong impormasyon, hindi nito palaging natutugunan ang espesipikong konteksto, layunin, at hinihinging antas ng pagsusuri sa isang akademikong gawain. Ang karanasan ng mga partisipante sa pagtanggap ng hindi tugmang mga sagot ay nagpapahiwatig na may pagkakataong hindi sapat ang kakayahan ng AI na maunawaan ang eksaktong pangangailangan ng gumagamit. Higit pa rito, ang posibilidad ng maling impormasyon ay nagiging seryosong usapin sapagkat maaaring makaapekto ito sa kalidad, katumpakan, at kredibilidad ng akademikong sulatin.

Talahanayan 6. Ethical concern sa kawalang tiwala sa sagot ng AI.

Sagot	Code	Tema
Isa sa mga isyu o alalahanin sa paggamit ng AI ay minsang ang binibigay nito na sagot ay hindi tugma sa mismong akademikong gawain.	Hindi tugmang awtput	Ethical concern sa kawalang tiwala sa sagot ng AI
Ang paggamit ng AI ay may negatibo ring epekto sa atin dahil hindi lahat ng binibigay na sagot ng AI ay totoo kaya mas maging mapanatag sa paggamit ng AI.	Panganib sa maling impormasyon	

Mga Sitwasyon o Pagkakataon na Kapaki-pakinabang ang Paggamit ng AI sa Akademikong Pagsulat

Sa talahanayang ito, makikita ang sagot ng unang partisipante hinggil sa mga implikasyon ng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagsulat. Batay sa kanyang pahayag, nagiging kapaki-pakinabang ang AI sa pagpapalawak ng kanyang kaalaman at sa pagpapayaman ng nilalaman ng kanyang mga akademikong sulatin. Ipinakikita nito na ginagamit niya ang AI hindi lamang bilang kasangkapan sa pagsulat kundi bilang mapagkukunan ng karagdagang impormasyon at mga ideya. Ayon sa kanya, nagsisilbi rin itong gabay upang mas mapalalim ang kanyang pag-unawa sa paksang tinatalakay at makatulong sa pagbuo ng mga ideyang maaaring maisama sa sulatin.

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Akademikong Pag-unlad.

Mula sa pahayag ng partisipante, nabuo ang temang *“Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Akademikong Pag-unlad.”* Ipinakikita ng temang ito na ang kagaananang dulot ng AI ay hindi lamang nakikita sa proseso ng pagsulat kundi maging sa proseso ng pagkatuto. Sa kontekstong ito, nagsisilbi ang AI bilang isang mahalagang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman, paglinang ng mga ideya, at pagbibigay ng direksyon sa akademikong pagsulat. Dahil dito, nagiging mas organisado, sistematiko, at makabuluhan ang pagbuo ng akademikong output ng mag-aaral.

Talahayanan 9. Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Akademikong Pag-unlad.

Sagot	Code	Tema
Maaaring maging kapakipakinabang ang paggamit ng AI sa akademikong pagsulat sa pamamagitan ng paggamit nito upang mas mapalawak pa ang kaalaman.	Pagpapalawak ng kaalaman	Damang kagaanan sa paggamit ng AI sa akademikong pag-unlad.

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagpapahusay sa Kalidad ng Awtput

Sa talahanayang ito, makikita ang sagot ng ikalawang partisipante hinggil sa implikasyon ng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagsulat. Ayon sa kanyang pahayag, ginagamit niya ang AI upang mapabuti ang kanyang balarila at maiwasan ang mga pagkakamali sa gramatika. Nakikita niya ito bilang isang mahalagang kasangkapan na tumutulong sa pagwawasto at pagpapahusay ng kanyang mga sulatin. Bukod sa pag-edit, nagsisilbi rin ang AI bilang mapagkukunan ng karagdagang impormasyon at ideya na nakatutulong sa pagpapayaman ng nilalaman ng kanyang akademikong output. Dahil dito, nagiging mas maayos, malinaw, at naaayon sa mga pamantayang akademiko ang kanyang mga sulatin.

Talahayanan 10. Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagpapahusay sa Kalidad ng Awtput

Sagot	Code	Tema
Sa mga sitwasyon na magpapahusay ka ng iyong balarila sa AI tungkol sa iyong akademikong pagsulat. At kung mayroon kang gustong ipadagdag na impormasyon tungkol sa iyong akademikong sulatin.	Pagwawasto ng gramatika	Damang kagaanan sa paggamit ng AI sa pagpapahusay sa kalidad ng awtput

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagpapalawak ng Kaalaman.

Sa talahanayang ito, makikita ang mga pahayag ng ikaapat at ikalimang partisipante hinggil sa implikasyon ng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) sa akademikong pagsulat. Batay sa kanilang mga tugon, isa sa mga pangunahing pakinabang ng AI ay ang kakayahan nitong tumulong sa pagbuo ng mga konsepto, paghingi ng ideya, at pagbibigay ng inspirasyon sa pagsulat. Ipinakikita nito na ginagamit ng mga mag-aaral ang AI bilang mapagkukunan ng dagdag na kaalaman at gabay, lalo na sa mga pagkakataong nangangailangan sila ng direksiyon sa kanilang akademikong gawain. Ayon sa kanilang karanasan, nakatutulong ang AI sa pagbibigay ng mga konseptong maaaring pagbatayan sa pagsulat, pagpapalawak ng pananaw sa paksa, at paglinang ng mga ideyang maaaring maisama sa sulatin. Nakatutulong din ito sa pag-oorganisa ng gawain at maging sa pagbuo ng wastong gramatika, kaya nagiging mas sistematiko at episyente ang proseso ng akademikong pagsulat.

Talahayanan 11. Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagpapalawak ng Kaalaman.

Sagot	Code	Tema
Ang AI ay kapakipakinabang lamang kung nais mo na mabigyan ka pa ng mga ideya sa iyong mga gawain.	Pagbuo ng konsepto	Damang kagaanan sa paggamit ng AI sa pagpapalawak ng kaalaman
Ang sitwasyon ay maaaring kapag ikaw ay nanghingi ng ideya o kaya'y hindi mo alam ang mga kahulugan magiging kapakipakinabang ang paggamit ng AI sa mga akademikong sulatin.	Paghingi ng ideya o inspirasyon	Damang kagaanan sa paggamit ng AI sa pagpapalawak ng kaalaman

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagpapabuti ng Akademikong Sulatin

Sa talahanayan na ito, makikita ang sagot o pahayag ng ikaanim na partisipante. Ipinapakita na ang AI ay kapaki-pakinabang sa pagwawasto ng balarila, tamang baybay, pagbibigay ng impormasyon, at sa pag-oorganisa at pagrerebisa ng akademikong sulatin. Ipinahihiwatig nito na ang AI ay nagsisilbing katuwang sa proseso ng editing at revising ng mga akademikong gawain. Ayon sa nakalap na resula o karanasan, ang AI ay nakatutulong upang mapabuti ang kalidad ng kanyang sulatin sa pamamagitan ng pagtiyak ng wastong gramatika, spelling, mas maayos na daloy ng ideya at maiwasto ang pagsulat. Nakakatulong rin sa pag organisa at pagbibigay ng mga impormasyon, napapaganda rin ang pagsulat sa pamamagitan ng ideya mula sa AI at nakakatulog sa pagrerebisa.

Talahayanan 12. Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagpapabuti ng Akademikong Sulatin

Sagot	Code	Tema
Sa pagwawasto ng balarila at wastong pagsulat. Sa pagwasto ng spelling at pagbibigay ng mga impormasyon. Kapakipakinabang rin ito sa pag-organisa at pagrerebisa ng iyong akademikong sulatin.	Pagrebisa/pag-edit ng akademikong sulatin	Damang kagaanan sa paggamit ng AI sa pagpapabuti ng akademikong sulatin.

DISCUSSION

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Akademikong Pagsulat

Mula sa pahayag ng unang partisipante, nabuo ang temang “Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Akademikong Pagsulat.” Para sa kanya, ang AI ay isang kasangkapang nagbibigay ng ginhawa at kumpiyansa sa paggawa ng mga akademikong gawain. Hindi niya ito tinitingnan bilang kapalit ng sariling kakayahan kundi bilang suporta na tumutulong sa pag-aayos ng sulatin at pagbabawas ng stress sa pagsusulat.

Ipinakikita ng kanyang pahayag na ang paggamit ng AI ay nakaugat sa praktikal na pangangailangan na mapabilis ang pagtatapos ng gawain at matiyak ang maayos na kalidad ng output.

Ipinahihiwatig ng temang ito na ang pangunahing pananaw ng mag-aaral sa paggamit ng AI ay nakatuon sa pagiging praktikal at episyente nito sa akademikong pagsulat. Sa kanyang karanasan, nagsisilbi ang AI bilang isang mahalagang kasangkapan sa pagbuo ng ideya, pag-oorganisa ng nilalaman, pag-aayos ng estruktura ng sulatin, at pagwawasto ng mga pagkakamali sa gramatika. Dahil dito, nagiging mas sistematiko at organisado ang proseso ng pagsulat, habang nababawasan ang oras at pagsisikap na kinakailangan upang makabuo ng isang maayos na akademikong output.

Maiuugnay ang pananaw na ito sa konsepto ng perceived usefulness sa Technology Acceptance Model (TAM) ni Fred Davis. Ayon sa teoryang ito, mas malaki ang posibilidad na tanggapin at gamitin ng isang tao ang teknolohiya kapag nakikita niyang nakatutulong ito sa pagpapabuti ng kanyang pagganap. Sa kaso ng partisipante, malinaw na itinuturing niya ang AI bilang kapaki-pakinabang sapagkat pinapabilis nito ang proseso ng pagsulat, pinahuhusay ang kalidad ng kanyang output, at binabawasan ang posibilidad ng pagkakamali. Ang mga benepisyong ito ang nagiging batayan ng kanyang patuloy na paggamit ng AI sa akademikong gawain.

Mahalaga ring tandaan na malinaw na kinikilala ng partisipante ang limitasyon ng AI. Hindi niya ito itinuturing bilang kapalit ng kanyang sariling kakayahan o kritikal na pag-iisip, kundi bilang katuwang lamang sa proseso ng pagsulat. Ipinakikita nito ang isang responsableng pananaw sa paggamit ng teknolohiya, kung saan nananatiling ang mag-aaral ang pangunahing lumilikha at nagsusuri ng nilalaman habang ginagamit lamang ang AI bilang suportang kasangkapan.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Venkatesh et. al. (2020), na nagsasaad na ang perceived usefulness ay may direktang impluwensiya sa intensiyon ng paggamit ng teknolohiya. Kapag nakikita ng mga gumagamit na kapaki-pakinabang ang isang sistema, nagiging mas positibo ang kanilang pananaw at mas tumataas ang posibilidad ng patuloy na paggamit nito.

Kaugnay nito, natuklasan nina Susanne Winkler at Jan Söllner (2018) na ang paggamit ng AI tools sa pagsusulat ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kalidad ng sulatin sa pamamagitan ng pagbibigay ng agarang feedback at mga mungkahi sa gramatika at estruktura. Katulad ito ng karanasan ng partisipante na nakararanas ng mas maayos na output at mas kaunting pagkakamali sa kanyang pagsulat.

Gayundin, ipinakita sa pag-aaral ni Fitria (2023) na ang mga mag-aaral na gumagamit ng AI writing tools ay nakararanas ng mas mababang antas ng stress at mas mataas na kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagsulat. Ipinakikita nito na bukod sa akademikong benepisyo, may positibo ring epekto ang AI sa emosyonal na aspeto ng mga mag-aaral, na makikita rin sa pahayag ng partisipante.

Sa kabuuan, ipinakikita ng temang “Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Akademikong Pagsulat” na ginagamit ng mga mag-aaral ang AI bilang praktikal na kasangkapan upang gawing mas mabilis, mas maayos, at mas episyente ang kanilang akademikong gawain. Higit pa rito, ipinahihiwatig ng kanilang karanasan na ang AI ay nagsisilbing suporta sa pagkatuto at pagsulat habang nananatili pa ring mahalaga ang sariling kakayahan, pag-iisip, at pagpapasya ng mag-aaral sa pagbuo ng kaalaman.

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagkatuto at Pananaliksik

Ipinahayag ng ikalawang partisipante na gumagamit siya ng AI tools sa akademikong pagsulat dahil nakikita niya itong mabilis at madaling paraan upang makakuha ng impormasyon, lalo na kapag nahihirapan siyang unawain ang mga aralin, report, o proyekto. Para sa kanya, nagsisilbi ang AI bilang isang kasangkapang nagbibigay ng diretsong sagot at malinaw na paliwanag na nakatutulong upang mapabilis ang pagkuha at pagproseso ng kinakailangang impormasyon.

Samantala, inilarawan ng ikalimang partisipante ang AI bilang isang mahalagang suporta sa kanyang akademikong paglalakbay. Ginagamit niya ito hindi lamang sa pananaliksik at pagkuha ng impormasyon kundi maging sa pagwawasto ng gramatika, baybay, at kalinawan ng kanyang mga sulatin, partikular sa asignaturang Filipino. Dahil dito, nagiging mas organisado, malinaw, at tama ang kanyang akademikong output, na nagbibigay rin sa kanya ng higit na kumpiyansa sa pagsusulat.

Ipinakikita ng mga pahayag ng dalawang partisipante na ang AI ay nagiging mahalagang kasangkapan sa pagpapadali ng pagkatuto at pananaliksik. Para sa ikalawang partisipante, nakatutulong ang AI sa mabilis na pag-unawa ng mga komplikadong konsepto at impormasyon. Sa kabilang banda, para sa ikalimang partisipante, nagsisilbi itong katuwang sa pagpapahusay ng kalidad ng pagsulat at kawastuhan ng paggamit ng wika. Bagama’t magkaiba ang kanilang pangunahing layunin sa paggamit ng AI, kapwa nila itong tinitingnan bilang teknolohiyang nagpapagaan ng kanilang mga akademikong gawain.

Maiuugnay ang natuklasang ito sa konsepto ng *perceived usefulness* sa Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis (1989), na tumutukoy sa paniniwala ng isang indibidwal na ang isang teknolohiya ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kanyang pagganap. Sa kaso ng dalawang partisipante, malinaw na nakikita nila ang AI bilang kapaki-pakinabang sapagkat pinapabilis nito ang paghahanap at pag-unawa ng impormasyon, pinahuhusay ang kalidad ng akademikong output, at nagbibigay ng kumpiyansa sa pagsasagawa ng mga gawain. Dahil dito, nagiging positibo ang kanilang pagtanggap at patuloy na paggamit ng AI sa kanilang pag-aaral.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Davis (1989), na nagsasabing ang *perceived usefulness* ay isa sa pinakamahalagang salik na nakaaapekto sa pagtanggap at paggamit ng teknolohiya. Dagdag pa rito, natuklasan nina Venkatesh et. al. (2020) na mas tinatanggap ng mga gumagamit ang mga teknolohiyang nagbibigay ng mabilis at madaling akses sa impormasyon dahil sa direktang ambag nito sa pagiging episyente ng kanilang gawain.

Kaugnay nito, ipinakita nina Winkler at Söllner (2018) na ang AI tools ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng pagbibigay ng agarang feedback sa gramatika, estruktura, at nilalaman ng sulatin. Gayundin, natuklasan ni Nur (2023) na ang paggamit ng AI sa akademikong pagsulat ay nagreresulta sa mas malinaw at organisadong output at nakapagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa pagsulat. Binibigyang-diin din ng UNESCO (2023) na ang AI ay maaaring magsilbing learning support tool na tumutulong sa mga mag-aaral upang mas maunawaan ang mga aralin at mapabuti ang kanilang akademikong pagganap.

Sa kabuuan, ipinakikita ng temang “*Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI sa Pagkatuto at Pananaliksik*” na itinuturing ng mga mag-aaral ang AI bilang isang makabuluhang kasangkapan sa pagkuha ng impormasyon, pag-unawa sa mga aralin, at pagpapahusay ng kanilang akademikong pagsulat. Higit pa sa pagpapabilis ng gawain, nakatutulong ito sa pagpapalalim ng pagkatuto, pagpapataas ng kalidad ng output, at pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong paglalakbay.

Damang Kagaanan at Impluwensiya sa mga Estudyante sa Paggamit ng AI.

Mula sa pahayag ng partisipante, nabuo ang temang “Damang Kagaanan at Impluwensiya sa mga Estudyante sa Paggamit ng AI.” Ipinakikita ng temang ito na ang AI ay may positibong impluwensiya sa pagkatuto at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Hindi lamang nito napapadali ang pagsasagawa ng mga gawain kundi nakatutulong din ito sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapahusay ng kalidad ng kanilang mga output.

Sa mas malalim na pagsusuri, makikita na ang AI ay nagsisilbing suporta sa pagkatuto ng mag-aaral. Nakatutulong ito sa pagkuha ng impormasyon, pag-oorganisa ng mga ideya, at pagpapalinaw ng nilalaman ng sulatin. Ang pagbibigay-diin ng partisipante sa “pagpapalawak ng kaalaman” ay nagpapahiwatig na ginagamit niya ang AI bilang kasangkapan upang mapalalim ang kanyang pag-unawa sa mga paksang akademiko. Samantala, ang pagpapabuti ng kalidad ng output ay nagpapakita ng direktang ambag ng AI sa kanyang akademikong pagganap.

Ipinakikita rin ng temang ito ang pagbabago sa paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa makabagong panahon. Bukod sa mga tradisyunal na sanggunian tulad ng aklat at guro, nagiging bahagi na rin ng kanilang learning ecosystem ang AI. Dahil dito, nagiging mas mabilis, interaktibo, at episyente ang proseso ng pag-aaral at akademikong pagsulat. Gayunpaman, mahalagang gamitin ito nang may pananagutan upang matiyak na nananatiling nahahasa ang kritikal na pag-iisip at malikhaing kakayahan ng mga mag-aaral.

Maiuugnay ang natuklasang ito sa konsepto ng Perceived Usefulness sa Technology Acceptance Model (TAM). Ayon sa teoryang ito, mas malamang na tanggapin at gamitin ng isang indibidwal ang isang teknolohiya kapag naniniwala siyang makapagpapabuti ito sa kanyang pagganap. Sa kaso ng ikatlong partisipante, malinaw na mataas ang antas ng perceived usefulness sapagkat nakatutulong ang AI sa pagpapalawak ng kanyang kaalaman, pagpapahusay ng akademikong output, at pagiging mas episyente sa

pagsasagawa ng mga gawain. Dahil dito, nagiging mahalagang bahagi ang AI ng kanyang proseso ng pagkatuto.

Sinusuportahan ito ng Technology Acceptance Model ni Davis (1989), na nagsasaad na ang pinaghihinahang kapakinabangan ng isang teknolohiya ang isa sa pinakamahalagang salik sa pagtanggap at patuloy na paggamit nito. Kapag nakikita ng mga gumagamit na may positibong epekto ang teknolohiya sa kanilang pagganap, mas nagiging bukas sila sa paggamit nito.

Kaugnay nito, ipinakita rin ng mga pag-aaral na ang AI ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng pagkatuto at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon sa mga mananaliksik, nakatutulong ang AI sa pagbibigay ng agarang impormasyon, pagpapalawak ng kaalaman, at pagpapahusay ng kalidad ng mga akademikong output. Dahil dito, nagiging mas episyente at produktibo ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng kanilang mga gawain.

Sa kabuuan, ang temang “Damang Kagaanan at Impluwensya sa mga Estudyante sa Paggamit ng AI” ay nagpapakita na ang AI ay higit pa sa isang simpleng teknolohikal na kasangkapan. Ito ay nagsisilbing katuwang sa pagkatuto, pagpapalawak ng kaalaman, at pagpapahusay ng akademikong pagganap. Ipinakikita rin nito na kapag ang isang teknolohiya ay nakikitang kapaki-pakinabang, nagiging natural at tuloy-tuloy ang pagtanggap at paggamit nito ng mga mag-aaral, na siyang sentral na ideya ng Perceived Usefulness sa Technology Acceptance Model.

Damang Kagaanan sa Paggamit ng AI bilang gabay at suporta sa akademikong pagsulat.

Mula sa pahayag ng partisipante, nabuo ang temang “*AI Bilang Gabay at Suporta sa Akademikong Pagsulat.*” Ipinakikita ng temang ito na ginagamit ng mag-aaral ang AI hindi lamang upang mapadali ang paggawa ng gawain kundi upang magkaroon ng mas malinaw na direksyon sa pagbuo at pag-oorganisa ng kanyang mga ideya. Sa ganitong paraan, nagiging mas sistematiko at organisado ang proseso ng pagsulat.

Sa mas malalim na pagsusuri, makikita na ang AI ay nagsisilbing suporta sa pagkatuto at akademikong pagganap ng mag-aaral. Nakatutulong ito sa pag-aayos ng mga ideya, pagbibigay ng mungkahi sa nilalaman, at paglinang ng mas malinaw na istruktura ng sulatin. Higit pa rito, nagsisilbi rin itong mapagkukunan ng impormasyon na nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa sa mga paksang akademiko. Ipinahihiwatig nito na ang AI ay may mahalagang papel hindi lamang sa pagbuo ng output kundi maging sa pagpapalalim ng pagkatuto.

Maiuugnay ang natuklasang ito sa konsepto ng *Perceived Usefulness* sa Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis (1989). Ayon sa teoryang ito, mas malamang na tanggapin at gamitin ng isang indibidwal ang isang teknolohiya kapag naniniwala siyang makatutulong ito sa pagpapabuti ng kanyang pagganap. Sa kaso ng ikaapat na partisipante, malinaw na nakikita niya ang AI bilang kapaki-pakinabang dahil nagbibigay ito ng gabay sa pag-oorganisa ng gawain at tumutulong sa pagpapalawak ng kanyang

kaalaman. Dahil dito, nagiging mahalagang bahagi ang AI ng kanyang proseso ng akademikong pagsulat.

Sinusuportahan din ito ng teorya ni Vygotsky (1978) tungkol sa Social Constructivism, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga kasangkapan at suportang sistema sa pagkatuto. Sa makabagong konteksto, maaaring ituring ang AI bilang isang digital scaffolding tool na tumutulong sa mga mag-aaral na mas maunawaan, maisaayos, at mapalawak ang kanilang mga ideya sa pagsulat.

Dagdag pa rito, natuklasan nina Holmes et al. (2019) na ang AI sa edukasyon ay may kakayahang magbigay ng personalized support sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga mungkahi, estruktura, at karagdagang impormasyon na nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto. Ipinakikita nito na ang AI ay hindi lamang ginagamit sa pagbuo ng output kundi bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa.

Gayundin, ipinahayag nina Kasneci et al. (2023) na ang mga AI tools ay nakatutulong sa pagbuo ng ideya, pag-aayos ng estruktura ng sulatin, at pagpapalinaw ng mga konsepto. Dahil dito, nagsisilbi ang AI bilang cognitive support na nagpapagaan sa proseso ng akademikong pagsulat at nagpapataas ng kalidad ng akademikong output.

Sa kabuuan, ipinakikita ng temang “*AI Bilang Gabay at Suporta sa Akademikong Pagsulat*” na itinuturing ng mag-aaral ang AI bilang isang mahalagang katuwang sa pag-oorganisa ng gawain at pagpapalawak ng kaalaman. Pinatutunayan ng mga kaugnay na literatura at teorya na ang AI ay may makabuluhang ambag sa pagpapadali ng proseso ng pagsulat, pagpapahusay ng kalidad ng output, at pagsuporta sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Damang Kagaan sa Paggamit ng AI Bilang Gabay at Tagapag-ayos.

Mula sa pahayag ng partisipante, nabuo ang temang “Damang Kagaan sa Paggamit ng AI Bilang Gabay at Tagapag-ayos sa Akademikong Pagsulat.” Ipinakikita ng temang ito na ginagamit ang AI hindi lamang bilang mapagkukunan ng impormasyon kundi bilang isang komprehensibong suporta sa buong proseso ng pagsulat. Mula sa pagbuo ng ideya, pangangalap ng impormasyon, pag-oorganisa ng nilalaman, hanggang sa pagwawasto ng mga teknikal na aspeto ng sulatin, nagsisilbi ang AI bilang mahalagang katuwang ng mag-aaral.

Sa mas malalim na pagsusuri, makikita na ang kagaanang nararanasan ng partisipante ay nagmumula sa kakayahan ng AI na tugunan ang iba’t ibang pangangailangan sa akademikong pagsulat. Nakatutulong ito sa pagpapalinaw ng mga ideya, pagpapalawak ng kaalaman, at pagpapahusay ng kawastuhan ng wika. Dahil dito, nagiging mas organisado, episyente, at sistematiko ang proseso ng pagsulat. Ipinahihiwatig rin ng pahayag na ang AI ay hindi lamang nagpapabilis ng gawain kundi nakatutulong din sa paglinang ng kalidad ng akademikong output.

Maiuugnay ang natuklasang ito sa konsepto ng Perceived Usefulness sa Technology Acceptance Model (TAM) ni Davis (1989). Ayon sa teoryang ito, mas malamang na

